Pangalan ________________________________ Pangkat ____________
Petsa _________________ Marka_______________

# Kalikasang Handog:Pahahalagahan at Pananagutan Ko

**TANDAAN:** Malaki ang naitutulong ng likas na yaman sa ating mga pang-araw-araw na gawain. Kalakip nito ay ang mga kabuhayan na pinagkaloob sa atin. Hindi masama na gamitin at linangin natin ang kalikasan sa mga bagay na makapagpapaunlad. Ngunit ito ay mayroon ding hangganan kung ito ay hindi natin pahahalagahan.

**Gawain ng Pagkatuto Bilang 1:** Isulat ang **W** kung ang pangungusap ay nagsasaad ng isang plano upang mahikayat ang kapwa na magkaroon ng pagpapahalaga, pananagutan sa kabuhayan at pinagkukunang yaman at **DW** kung ito ay hindi.

_____1. Nagpatawag ng pagpupulong si Mang Pedro at kanyang iminungkahi sa kapwa niya mangingisda na huwag ng gumamit ng dinamita at ipinaliwanag ang masamang dulot ng paggamit nito at sumang-ayon naman ang lahat.
_____2. Naglunsad ng patimpalak Si Kapitan Marvin. Masayang nakilahok sina Pedro at Jose upang ihiwalay ang basurang nabubulok at di-nabubulok.
_____3. Gumawa ng *poster* si Lito upang mapukaw ang pang- unawa ng kanyang mga kamag -aral sa kahalagahan ng kagubatan. Dahil dito namulat ang isipan ng mga nakapansin nito.
_____4. Si Lito at Mario ay nagsulong ng *tree planting* sa samahan ng mga *Boyscout* na sinang –ayunan naman ito ng kanyang kasamahan.
_____5. Masayang nagpiknik ang mga kaibigan ni Ana sa parke ngunit nakaligtaan nilang magdala ng basurahang pagtatapunan kaya iniwan nila ito sa parke.

**Gawain ng Pagkatuto Bilang 2: Isulat** ang **asul sa** hugis puso ♡ kung ang pangungusap ay nagpapakita ng wastong pagpapahalaga ng pinagkukunang yaman at **pula** kung hindi.

♡ 1. Pinag-aralan muna ni Ginoong Perez kung ano ang mabuti para sa itatayong pabrika sa Mindoro upang hindi masira ang daluyan ng tubig sa lugar na ito.

♡ 2. Hinayaan ng pamahalaang lokal ang walang patumanggang magmina ng mga minero sa Bundok Limasawa sapagkat malaki ang pakinabanag nila rito.

♡ 3. Gumagamit ng lambat na may malalaking butas si Mang Tito upang may labasan ang mahuhuli niyang malilit na isda.

♡ 4. Gamit ang bangka ni Mang Lito pumupunta siya sa bawat isla upang ipaliwanag ang masamang epekto ng paggamit ng dinamita at himukin ang lahat ng mangigisda na huwag ng gumamit nito.

♡ 5. Itinapon ni Alden ang ginamit niyang *face mask* sa basurahan na may nakasulat na mabubulok.

**Quarter:3,Week:2 Nakagagamit nang may Pagpapahalaga at Pananagutan sa Kabuhayan at Pinagkukunang-yaman Code: EsP6PPP-IIIe-36**
**Inihanda ni: Sheila G. Jove**

LIVEWORKSHEETS